# Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Naniniwala ka ba sa Diyos? Anong pangalan ang iyong ginagamit sa pagtawag sa Kanya? Ano ang iyong relihiyon? Anu-ano ang mga itinuturo sa inyong simbahan?

Alam mo ba na ang Pilipinas ay ang nag-iisang Kristiyanong bansa sa Asya? Sa bawat sampung Pilipino, siyam ang Kristiyano dito. Limang porsyento naman ang binubuo ng mga Muslim sa ating populasyon. At hindi naman hihigit sa isang porsyento ng mga Pilipino ang nabibilang sa ibang relihiyon tulad ng Buddhism at Hinduism.

May mga kilala ka bang ibang tao na miyembro ng relihiyong kaiba sa iyo? Kumusta ang iyong relasyon sa kanila?

Sa modyul na ito, matututuhan mo ang mga pangunahing relihiyon sa Pilipinas, pati na rin ang mga itinuturo ng mga simbahang nabibilang rito. Matututuhan mo rin kung paano ang tamang pagbibigay ng respeto sa mga paniniwala ng ibang tao. Sa modyul na ito, matututuhan mo kung paano makamtan ang kapayapaan at pagkakaunawaan sa kabila ng mga pagkakaiba ng paniniwala sa relihiyon.

Ang modyul na ito ay nahahati sa tatlong bahagi. Ito ay ang:

*Aralin 1 – Kristiyanismo*

*Aralin 2 – Islam*

*Aralin 3 – Pagsasaayos sa mga Hidwaan sa Relihiyon*

# Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, maaari mo nang:

- ipaliwanag ang mga paniniwala ng mga pangunahing relihiyon sa Pilipinas;
- ipaliwanag ang mga itinuturo ng mga pangunahing relihiyong ito; at
- maipakita ang respeto sa mga taong nabibilang sa ibang relihiyon.



# Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Punuan ang mga sumusunod na blanko. Piliin ang iyong mga sagot mula sa mga salitang nakapaloob sa kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Kapayapaan | Holy Trinity | Imam | binyag | Pagsasalungat sa relihiyon |
| Islam | Hesukristo | Allah | respetuhin | Muhammad |

1. Sa pamamagitan ng ________________ nahuhugasan ang ating orihinal na kasalanan at napapakilala sa atin ang muling pagkasilang na ispirituwal.

2. ________________ ay ang tawag sa paniniwala sa relihiyon ng mga Muslim. Ang ibig sabihin nito ay pagbigay ng sarili sa kagustuhan ng Diyos.

3. Ang isang Kristiyano ay nagdedeklara ng kanyang paniniwala kay ________________ at sumusunod sa pangaral ng Diyos.

4. ________________ ang tawag sa isang Muslim na lider ng kanilang relihiyon.

5. Dapat mong ____________________ ang paniniwala ng ibang tao kahit na ito'y naiiba sa mga paniniwala mo.

6. Karamihan ng kristiyano ay naniniwala sa konsepto ng ________________. Ang ibig sabihin nito ay ang Diyos ay may tatlong pagkatao: ang Diyos Ama, ang Diyos na Anak, at ang Diyos na Espiritu Santo.

7. Sa Islam, ang kanilang Diyos ay nagngangalang ________________.

8. Ang isang makabuluhang pag-uusap ay patungo sa pagkakaunawaan at ________________.

9. ________________ maaaring mangyari kung hindi binibigyan ng pagkakataon ang mga taong magpahayag at maisagawa ang kanilang mga paniniwala.

10. Si ________________ ang panguhaning propeta ng Islam.

Kumusta ang pagsusulit? Sa tingin mo ba'y nasagutan mo nang tama ang lahat ng katanungan? Ihambing ang iyong mga sagot sa mga kasagutang matatagpuan sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pahina 32.

Kung nasagutan mo nang tama ang lahat, magaling! Nangangahulugan lamang na marami ka nang nalalaman tungkol sa mga paksa na nakapaloob sa modyul na ito. Maaari mo pa ring ipagpatuloy ang iyong pag-aaral ng modyul upang mabalikan ang mga paksang alam mo na. Malay mo, may mga ibang bagay ka pa ring matutuhan dito.

Kung may kababaan naman ang puntos na iyong nakuha, huwag malungkot. Nangangahulugan lamang na ang modyul na ito ay para sa iyo. Makatutulong ito sa iyong pag-unawa sa mga konsepto na maaari mong magamit sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kung pag-aaralan mo nang mabuti ang modyul na ito, matututuhan mo ang mga sagot sa pagsusulit at marami pang iba! Handa ka na ba?

Maaari ka nang pumunta sa susunod na pahina para sa unang aralin.

# Kristiyanismo

Maaari mo bang hulaan kung paano nakuha ang ngalang *Kristiyanismo?* Ito'y dahil sa ang bawat Kristiyano, kahit saan mang sekta siya nabibilang, ay naniniwala sa mga pangaral ni Kristo.


Sa araling ito, matututuhan mo ang mga apat na pangunahing sekta ng Kristiyanismo sa Pilipinas. Ang mga sekta na ito ay ang Katoliko Romano, Protestantismo, Iglesia ni Cristo, at *Iglesia Filipina Independiente* o mas kilala sa pangalang Simbahan ng Aglipay.

May mga Kristiyanong sekta na tinatanggap ang isang tao bilang Kristiyano kung ito ay "naligtas" (saved) na o "naisilang nang muli" (born again). Sa modyul na ito, gayunpaman, gagamitin natin ang pinakahinirang na depenisyon ng pagiging Kristiyano. Ito ay tumutukoy sa isang taong nagdedeklara at nagpapatotoo ng kanyang paniniwala kay Hesukristo at sa Kanyang mga pangaral.

## Basahin Natin Ito

Tingnan ang litratro sa ibaba. Kilala mo ba Siya?

**"Dahil sa mahal ng Diyos ang sansinukob, ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang anak na kung sino man ang maniniwala sa Kanya ay hindi mangamamatay, kung hindi ay makakamtan niya ang buhay na walang hanggan."-Juan 3:16**



## Pag-isipan Natin Ito

1. Naniniwala ka ba na noong namatay si Hesus sa krus ay muli itong nabuhay at lahat ng mga pagkakasala ng tao ay napatawad na?

   ____________________________________________________________

2. Naniniwala ka ba na kagustuhan ng Diyos na mailigtas ng kanyang Anak ang sangkatauhan mula sa kamatayan at walang katapusang paghihirap?


   ____________________________________________________________

Kung *oo* ang iyong sagot sa mga tanong na ito, nakikisama ka sa 1.7 bilyong tao sa mundo, ang mga Kristiyano. Ang mga Kristiyano ay naniniwala sa kapangyarihan ng pagkamatay ni Hesus sa pagtanggal ng kasalanan ng mundo.


## Alamin Natin

Ang apat na pangunahing sekta ng Kristiyanismo sa Pilipinas ay may pagkakahalintulad sa mga paniniwala. Gayunpaman, mayroon din itong mga pagkakaiba.


Ang banal na Bibliya *(Holy Bible)* ay nagbibigay ng basehan tungkol sa mga maka-Kristiyanong paniniwala at gawain. Ang Lumang Tipan *(Old Testament)* at ang Bagong Tipan *(New Testament)* ang bumubuo sa Banal na Bibliya.



Ang mga Aglipayan, Katoliko at karamihan sa mga Protestante ay naniniwala sa isang Diyos na kinakatawan ng tatlong persona, o tinatawag na **Holy Trinity:** Ang Diyos na Ama, Diyos na Anak, at Diyos na Espiritu Santo.




Nilikha ng Diyos ang daigdig. Ang unang mag-asawa ay sina Adan at Eba.



Sina Adan at Eba ay tinukso ni Satanas na hindi sumunod sa Diyos. Ang gawaing ito ang nagdala ng kasalanan sa mundo. Ang kasalanang ito na naipasa sa bawat tao ay tinatawag na "orihinal na kasalanan."




Ang mga Katoliko at Aglipayan ay binibinyagan habang bata pa upang mahugasan ang "orihinal na kasalanan." Ang mga Protestante at miyembro ng Iglesia ni Cristo ay mas nahuhuling nabibinyagan upang mas makilala na sila'y dumaan sa muling pagkasilang na isprituwal *(spiritual rebirth)*.




Ang mga miyembro ng apat na pangunahing sekta ng Kristiyanismo sa Pilipinas ay naniniwalang si Maria ay ang birheng nagluwal kay Hesus.




Si Hesus ang nag-iisang Anak ng Diyos. Siya ay naging tao upang mailigtas tayo sa ating mga pagkakasala.




Halos lahat ng Kristiyano ay nakiki-ayon na lahat ay maaaring mabuhay nang walang hanggan. Pagkamatay ng isang tao, ang kanyang kaluluwa ay maaaring pumunta sa langit at makiisa sa Diyos o masunog sa impiyerno. Ang mga Katoliko ay naniniwala sa isang pang lugar na nagngangalang **purgatoryo** kung saan ang mga kaluluwa ay hinuhugasan bago pa ito makarating sa langit.



Halos lahat ng Kristiyano ay naniniwala na ang pagsisisi sa mga kasalanan, paniniwala sa Diyos, pagtanggap kay Hesus bilang tagapagligtas, at pagpapakita ng kabutihan sa kapwa ay ang makapagliligtas sa kanila.



Ang muling pagkabuhay ni Hesus ay naganap nang siya ay nagkabuhay muli pagkatapos mamatay. Sa wakas ng panahon siya ay pinaniniwalaang muling babalik. Ito ang tinatawag na **Pangalawang Pagbabalik ni Kristo.** Sa panahong ito, lahat ng nailigtas na Kristiyanong nangamatay noon ay maaari ring mabuhay muli. Ang mga ito, kasama ang mga buhay pang Kristiyano, ay makikiisa sa Diyos at mabubuhay nang walang hanggan.



## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Punuan ang mga nawawalang letra sa bawat pangungusap upang makuha mo ang tamang sagot.

1. Ang mga Kristiyano ay naniniwala sa mga pangaral ni _ r _ _ _ _.

2. Ang isang Kristiyano ay b _ _ _b _ _ _ _ _ _ n upang mahugasan ang kanyang mga orihinal na kasalanan o magpatunay na siya ay muling nabuhay sa ispirituwal na pamamaraan.

3. Ang Banal na B _ _ _ _ _ _ ay nagbibigay ng basehan sa mga Kristiyanong paniniwala at pangaral.

4. Si _ _ _ _ _, ang ina in Hesus, ay isang birheng nagluwal sa Kanya.

5. Ang 'di pagsunod nina Adan at Eba sa Diyos ay tinatawag na _ _ _ h _ _ _l na pagkasasala.

6. Sa P _ _ _ _ l _ _ _ n _ Pagbabalik ni Kristo, lahat ng nailigtas na Kristiyano na nangamatay noon ay makikiisa sa mga nabubuhay na Kristiyano kung saan, sila ay makikiisa naman kay Hesus at mabubuhay nang walang hanggan.

7. Si Hesus ay ang nag-iisang anak ng Diyos. Siya ay naging t _ _ upang mailigtas tayo sa ating mga pagkakasala.

8. Karamihan sa mga Kristiyano ay naniniwala sa Holy T _ _ n _ _ y kung saan ang Diyos ay kinakatawan ng tatlong persona: Ang Diyos na Ama, Diyos na Anak, at Diyos na Espiritu Santo.

9. Kapag namatay ang isang tao, ang kanyang kaluluwa ay pumupunta sa _ _ n _ _ _ o sa impiyerno.

10. Ang _ r _ _ t _ _ _ n _ _ _ o ay ang pinakamalaking relihiyon sa Pilipinas at sa buong mundo.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pahina 32.

## Tandaan Natin

- Ang **Kristiyanismo** ay isang relihiyon na nagtuturo ng mga pangaral ni Hesukristo. Ito ang pinakamalaking relihiyon sa Pilipinas at sa buong mundo.

- Ang isang **Kristiyano** ay ang taong nagdedeklara ng kanyang paniniwala kay Hesukristo at sumusunod sa mga pangaral nito.

- Ang apat na pangunahing sekta ng Kristiyanismo sa Pilipinas ay ang **Katoliko Romano, Protestantismo,** ang **Simbahan ng Aglipay,** at ang **Iglesia ni Cristo.**

- Karamihan ng mga Kristiyano ay naniniwalang:

  – ang Bibliya ay binubuo ng mga salita ng Diyos;

  – may iisang Diyos. (Karamihan sa mga Kristiyano ay naniniwalang ang nag-iisang Diyos na ito ay tinatawag na **Trinity,** na kinakatawan ng tatlong persona: Ang Diyos na Ama, Diyos na Anak, Diyos na Espiritu Santo);

- nilikha ng Diyos ang daigdig at ang unang mag-asawang sina Adan at Eba;
- noong hindi sinunod nina Adan at Eba ang Diyos, ang kanilang kasalanan ay naipasa sa lahat ng tao;
- sa pamamagitan ng binyag, nahuhugasan ang ating orihinal na kasalanan. Ito rin ang nagpapakilala ng muling pagkasilang na ispirituwal;
- si Maria, ang ina ni Hesus, ay isang birheng nagluwal sa Kanya;
- si Hesus ay naging tao upang mailigtas ang sangkatauhan sa pagkakasala;
- lahat tayo ay maaaring mabuhay nang walang hanggan. Kapag ang tao ay namatay, ang kanyang kaluluwa ay maaaring pumunta sa langit o sa impiyerno;
- ang pagsisisi sa isang kasalanan, pagkakaroon ng pananampalataya sa Diyos, pagtanggap kay Hesus bilang Panginoon at tagapagligtas, at pagiging mabuti sa kapwa ay mga paraang makapagliligtas sa kanila; at
- sa Pangalawang Pagbabalik ni Kristo, lahat ng nailigtas na Kristiyano na nangamatay noon ay makikiisa sa mga nabubuhay na Kristiyano upang makiisa kay Kristo at mamuhay nang walang hanggan.

# ARALIN 2

# Islam

Maaari mo bang hulaan kung ano ang pinakabago at pumapangalawa sa pinakamalaking relihiyon sa buong mundo? Kung Islam ang iyong sagot, tama ka. At ito rin ay isang relihiyong mabilis na lumalawak!

Gusto mo bang malaman pa ang mga iba pang bagay tungkol sa Islam? Kung ganoon, ituloy ang iyong pagbabasa.



## Basahin Natin Ito

Basahin ang sumusunod na tula.

### Si Allah, ang Nag-iisang Diyos

Si Allah ay ang nag-iisang makatotohanang Diyos
Totoong Siya'y nag-iisa lamang
Wala siyang kasama at walang asawa
At si Allah ay walang anak!

Si Allah ay ang nag-iisang makatotohanang Diyos
Naririnig Niya ang aming mga tawag
Kaya dapat tayong manalangin kay Allah
Wala nang iba pa!

Si Allah ay ang nag-iisang makatotohanang Diyos
Siya ang ating panginoon at hari
Kaya lahat ay naniniwala kay Allah!
Walang ibang sasambahin kung di Siya lamang!




## Pag-isipan Natin Ito

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ayon sa tula, ilan ang diyos? _____________

2. Base sa tula, ano ang pangalan ng nag-iisang makatotohanang Diyos? ____________

Ang mga Muslim at Kristiyano ay naniniwala sa iisang Diyos subalit iba ang kanilang pagtawag sa Kanya. Ang tawag ng mga Kristiyano sa Kanya ay Diyos na Ama, samantalang ang tawag naman ng mga Muslim sa Kanya ay Allah. Gayunpaman, hindi katulad ng mga Muslim, ang mga Kristiyano, partikular na ang mga Katoliko at Aglipayan, ay naniniwala sa **Trinity.** Ang **Trinity** ay ang pagkakaisa ng tatlong diyos sa iisang Diyos.




## Alamin Natin

Nakapunta ka na ba sa Mindanao? Dito naninirahan ang karamihan sa mga Pilipinong Muslim. Ang Islam ay ang pinakamatandang relihiyon sa bansa. Ang mga Kastila ay nagpumilit na gawing Kristiyano ang mga Muslim. Ngunit tunay na ipinaglaban ng mga Muslim ang kanilang relihiyon.




Ang **Islam** ay isang relihiyong nangangahulugang pagsuko ng sarili sa kagustuhan ng Diyos. Ang sumasampalataya sa Islam ay tinatawag na **Muslim.** Ang mga Muslim ay naniniwalang may nag-iisang Diyos na nagngangalang **Allah.** Si Allah ay dakila at makapangyarihan. Lahat ay Kanyang nilikha.



May mga espesyal na tagadala ng mensahe o propeta si Allah. Ito ay sina Abraham, Moses, Hesus, at Muhammad. Si **Muhammad** ang pinakahuling propeta ni Allah. Siya rin ang tinaguriang pangunahing propeta ng Islam. Kinikilala siya ng mga Muslim bilang isang dakilang propeta ngunit hindi nila ito sinasamba. Si Allah lamang ang kanilang sinasamba at wala nang iba pa.

Ang **Koran** ay ang banal na libro ng mga Muslim. Naniniwala ang mga Muslim na ang nilalaman ng Koran ay ang mga mensahe ni Allah na ipinadala niya sa pamamagitan ni Muhammad. Ang bawat Muslim ay inaasahang mahigpit na susunod sa mga batas na nakatala sa Koran. Inaasahan ang bawat isa sa kanila na umiwas sa pag-inom at paggamit ng mga ipinagbabawal na droga. Sila rin ay hindi makakapagsugal o makakakain ng karne. Para sa kanila, ang karne ay marumi sa pangangatawan, maging sa ispiritu.



## Magbalik-aral Tayo

Punuan ng mga tamang sagot ang mga blanko.

1. Karamihan sa mga Pilipinong Muslim ay nakatira sa _____________________.

2. _________________ ang tawag sa nanampalataya sa Islam. Siya ang taong may pagsuko sa kagustuhan ng Diyos.

3. Sa Islam, ang kanilang Diyos ay kinikilala sa pangalang ______________________.

4. Si _______________ ang pangunahing propeta ng Islam.


5. Pinaniniwalaan ng mga Muslim na ang _________________ ay binubuo ng mga mensaheng ipinadadala ni Allah sa pamamagitan ni Muhammad.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 33.


## Alamin Natin

Alam mo ba na ang pagiging isang Muslim ay nangangahulugan din ng pagkakaroon ng mga gawain? Ang mga gawaing ito ay tinatawag na *Limang Haligi ng Islam* ***(Five Pillars of Islam)***. Ito ay ang:

1. Pagsasalaysay ng ***shahadah*** bilang pangungusap ng paniniwala ng mga Muslim. Ganito isinasalaysay ang shahadah: "*Walang ibang Diyos kundi si Allah at si Muhammad naman ang tagadala ng mensahe ni Allah.*"




2. Pagganap ng ***salat*** limang beses sa isang araw. Kapag nagdarasal ang isang Muslim, kinakailangan nitong humarap sa direksyon ng Mecca. Siya ay magdarasal sa umaga, sa may kaagahan at mga huling oras sa hapon, sa gabi, at sa oras na bago ito matulog.




3. Pagbibigay ng ***zakat*** o pangkawanggawang buwis. Ang zakat ay katumbas ng 2.5% ng suweldo ng isang Muslim. Ito ay ibinibigay sa mga mahihirap sa anumang oras niyang naisin.



4. Pagsagawa ng ***hajj*** o pagdalo sa Ka'aba sa Mecca kahit sa isang beses lamang sa kanilang buhay.




5. Pag-iwas ng pagkain sa mga buwan ng ***Ramadan***. Ang Ramadan ay nasa ika-siyam na buwan sa kalendaryo ng Islam. Sa buwang ito, ang isang Muslim ay hindi dapat kumain o uminom sa araw. Ito ay isang pamamaraan ng ispirituwal at pisikal na paglilinis.



Alam mo ba kung ano ang **mosque?** Ito ay isang gusali kung saan ang mga Muslim ay nagtitipun-tipon at nananalangin. Nakakita ka na ba nito? Ito ay kadalasang may bubong na korteng ulo at isang mataas na tore. Wala kang makikitang litrato o rebulto sa loob ng mosque. Ito ay may huwarang ayos at mga salita mula sa Koran.




Kapag ang mga Muslim ay nagtitipun-tipon sa mosque para manalangin o pag may espesyal na okasyon, ang **Imam** ang tagapagpangasiwa ng seremonya. Dalawang okasyon ang ipinagdiriwang ng mga Muslim. Sila ay unang nagdiriwang matapos dumating ang araw ng Ramadan. Pagkatapos ng mga espesyal na panalangin sa mosque, ang bawat pamilya ay nagtitipun-tipon at nagdiriwang. Ang mga Muslim ay nagsusuot ng kanilang magagandang damit at naghahanda ng maraming espesyal na pagkain.






Ang pangalawa ay ang pagdiriwang ng pagsasakrispisyo na natataon sa araw ng Hajj o ang pagdalo sa Ka'aba. Pagkatapos ng pagdarasal sa mosque, ang mga Muslim ay nag-aalay ng tupa. Ipinamamahagi nila ang 1/3 ng karne bilang isang pag-alaala sa sakrispisyong isinagawa ni Abraham.



## Alamin Natin ang Iyong Mga Natutuhan

Sagutan ang puzzle sa ibaba at gamitin ang mga bakas o *clues* sa iyong pagsagot.




**Pahalang**

2. Ang tawag sa buwan ng hindi pagkain at pag-inom sa araw ng mga Muslim.

5. Ang kinikilalang pangalan ng mga Muslim sa kanilang Diyos.

6. Ang tagapagpangasiwa ng pananalangin sa loob ng mosque.

8. Ang tawag sa banal na libro ng mga Muslim.

**Pababa**

1. Ang relihiyon ng mga Muslim na nangangahulugang pagsuko ng sarili sa kagustuhan ng Diyos.

3. Ang pangunahing propeta ng Islam.

4. Ang tawag sa pagdalo sa Ka'aba sa Mecca. Ito ay isa sa mga limang gawain ng isang Muslim.

7. Ang tawag sa lugar kung saan ang mga Muslim ay nagtitipun-tipon at nananalangin.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 33.

## Tandaan Natin

- Ang **Islam** ay ang relihiyon ng mga Muslim. Ang ibig sabihin ng salitang ito ay ang pagsuko sa kagustuhan ng Diyos. Ang sumusuko sa kagustuhan ng Diyos sa ganitong relihiyon ay tinatawag na **Muslim**.

- Sa Islam, ang kanilang Diyos ay kinikilala sa pangalang **Allah**.

- Si **Muhammad** ang pangunahing propeta ng Islam. Siya rin ang huling tagapaghatid ng mensahe ni Allah.

- Ang batas ni Allah ay nakatala sa **Koran**. Ito ang banal na libro ng mga Muslim.

- Ang mga Muslim ay inaasahang mamumuhay sa mga batas ng Islam na nakatala sa Koran. Kasama sa mga batas na ito ang **Limang Haligi ng Islam.** Ito ay ang:

  – Pagsasalaysay ng **shahadah**: *"Walang ibang diyos maliban kay Allah at si Muhammad ang tagapaghatid ng mensahe ni Allah."*

  – Pagganap ng **salat** (panalangin) limang beses bawat araw na nakaharap sa direksyon ng Ka'aba sa Mecca.

  – Pagbibigay ng **zakat** at pagtulong sa mga mahihirap.

- Pagdalo sa Ka’aba sa Mecca o tinatawag na **hajj**, kahit isang beses lamang.
- Pag-iwas sa pagkain at pag-inom sa araw tuwing sasapit ang buwan ng **Ramadan**.

♦ Ang **mosque** ay isang lugar kung saan ang mga Muslim ay nagtitipun-tipon at nananalangin. Ang **Imam** ay tinaguriang tagapangasiwa ng pananalangin sa mosque.

♦ Dalawang okasyon ang pinaghahandaan at ipinagdiriwang ng mga Muslim. Ang una ay matapos dumating ang araw ng Ramadan at ang pangalawa ay ang pagdating ng araw ng Hajj.

# ARALIN 3

# Pagsasaayos sa mga Hidwaan sa Relihiyon

May nalalaman ka ba sa mga pag-aalsang nagmumula sa pagkakaiba ng paniniwala sa relihiyon? Sa Pilipinas lamang, marami na ang mga nangamatay dulot ng mga hidwaan sa pagitan ng Muslim at Kristiyano sa Mindanao. Libu-libong pamilya ang nawalan din ng tahanan dahil dito.

Sa araling ito, matututuhan mo kung bakit ang mga hidwaan sa pagitan ng mga taong may iba't ibang relihiyon ay nangyayari. Matututuhan mo rin kung paano mababawasan o maisasaayos ang mga hidwaang ito.

## Basahin Natin Ito

Pagmasdan ang larawan sa ibaba.





## Pag-isipan Natin Ito

1. May alam ka bang relihiyon na nagtuturo sa mga miyembrong pumatay ng tao?

   ____________________________________________________________


   ____________________________________________________________

2. Paano ka makikitungo sa mga taong may relihiyon at paniniwalang naiiba sa iyo?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 33.




## Alamin Natin

Ano ang iyong pakiramdam sa mga taong nabibilang sa mga relihiyong naiiba sa iyo? Kung mayroon kang kapangyarihang pigilin ang kanilang mga gawain, pipigilan mo ba sila sa pagpapahayag ng kanilang paniniwala at pagsasagawa ng kanilang mga seremonya ayon sa kanilang relihiyon? Alam mo ba na ang malayang pagganap at pagtatamasa ng maka-relihiyong pananampalataya ay karapatan ng lahat?




Ano sa tingin mo ang maaaring gawin upang maisaayos ang mga hidwaan bunga ng pagkakaiba sa paniniwala? Hindi mo kinakailangang maniwala sa mga pangaral ng ibang relihiyon. Ngunit kailangan mong respetuhin ang kanilang karapatang sumunod sa mga gawain at paniniwala sa kanilang relihiyon, kahit na ito'y mali para sa iyo. Isaisip na ang mga nananampalataya sa ibang relihiyon ay naniniwala rito katulad na rin ng iyong paniniwala sa iyong relihiyon. Kahit na ang paniniwala at gawain sa mga relihiyon ay nagkakaiba-iba, pareho lamang ang kanilang mga pangaral. Walang relihiyong nagtuturo sa taong makipag-away sa ibang tao.



Ang komunikasyon ay gumaganap rin ng mahalagang bahagi sa pagpapatupad ng katahimikan at pagkakaisa sa mga taong may iba't ibang relihiyon. Ang mga miyembro ng iba't ibang grupo ng relihiyon ay nararapat lamang makisali sa isang usapan kung saan naipapahayag nila ang kanilang mga paniniwala. Sa mga nakikiisa sa usapan, hindi sila dapat kumilos nang may pagmamataas. Lahat ay inaasahang magbibigay ng respeto sa isa't isa. Ito naman talaga ang itinuturo ng lahat ng relihiyon-ang maging mabait, mapagmahal, at mapag-unawa sa isa't isa. Ang isang makabuluhang usapan ay dapat makatulong sa paghahanap at pag-iisip ng mga pagkakapareho ng bawat relihiyon. Dapat rin itong makatulong sa pagtanaw at pagrespeto sa mga pagkakaiba sa paniniwala at gawain. Sa huli, ang usaping ito ang siyang magbibigay-daan sa kapayapaan at pagkakaunawaan ng isa't isa.




## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Suriin ang mga sitwasyon. Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Magkapitbahay sina Ramon at Karding. Isang araw, habang nag-uusap ang dalawa sa isang tindahang malapit sa kanilang tinitirhan, napag-usapan nila ang relihiyon. Pareho silang Kristiyano ngunit magkaiba ang sinasalihan nilang sekta. Ang argumento nila ay tungkol sa mga doktrina. Ang kanilang argumento ay nauwi sa pagsusuntukan. Kung ikaw ay naroon sa ganoong sitwasyon, ano ang ipapayo mo sa kanila?



________________________________________________________


________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

2. Si Rahman ay isang Muslim, habang si Danilo naman ay isang Kristiyano. Pareho silang manlalaro ng basketbol at iisa lamang ang kanilang sinasalihang grupo sa kanilang paaralan. Sila ay magkaibigan. Bakit, sa tingin mo patuloy na nagkakasundo ang dalawa kahit na iba ang kanilang mga paniniwala sa relihiyon?



________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 34.

## Tandaan Natin

- Ang iba't ibang relihiyon ay nagtuturo ng iisang katotohanan ngunit iba ang pamamaraan.
- Ang relihiyon ay hindi nagtuturo sa mga taong makipag-away. Itinuturo nitong mahalin at unawain ang isa't isa.
- Ang mga hidwaan sa relihiyon ay nangyayari kapag hindi hinayaan ng mga tao ang isa't isa na makapagpahayag at magampanan ang kanilang paniniwala.
- Dapat mong respetuhin ang ibang tao sa kanilang pagganap sa pinaniniwalaang relihiyon kahit na ito'y naiiba sa pinaniniwalaan mo.
- Ang mga miyembro ng iba't ibang relihiyon ay dapat makisali sa mga makabuluhang usapan upang matutuhan ang mga paniniwala at gawain ng isa't isa.
- Ang isang makabuluhang usapan ay dapat humantong sa pagkakaunawaan at kapayapaan.

Narating mo na ang huling bahagi ng modyul na ito. Binabati kita! Ang iyong pagiging matiyaga at pagkakaroon ng interes matuto ay nakatulong sa iyo. Marami ka bang natutuhan sa modyul na ito? Nasiyahan ka ba sa iyong pagbabasa?

Ang mga sumusunod ay ang buod ng mga pangunahing puntos ng modyul na ito.



# Ibuod Natin

Inihahayag ng modyul na ito na:

- Ang **Kristiyanismo** ay isang relihiyong base sa mga pangaral ni Hesukristo. Ito ang pinakamalaking relihiyong kinikilala sa Pilipinas at sa buong mundo.

- Ang apat na pangunahing sekta ng Kristiyanismo sa Pilipinas ay ang **Katoliko Romano**, **Protestantismo**, **Simbahan ng Aglipay**, at ang **Iglesia ni Cristo**.

- Karamihan ng mga Kristiyano ay naniniwalang:

  – ang Banal na Bibliya (Holy Bible) ay isang basehan ng mga paniniwala at gawain ng mga Kristiyano;

  – may nag-iisang Diyos. (Naniniwala ang karamihan sa mga Kristiyano na ang nag-iisang Diyos na ito ay kinikilala rin bilang **Holy Trinity,** na kinakatawan ng tatlong persona: Diyos na Ama, Diyos na Anak, at Diyos na Espiritu Santo);

  – ang Diyos ang lumikha ng daigdig at ng unang mag-asawang Adan at Eba;

  – noong hindi sinunod nina Eba at Adan ang Diyos, ang kanilang pagkakasala ay naipasa sa sangkatauhan;

  – sa pamamagitan ng binyag, ang orihinal na kasalanan ay nahuhugasan. Ito rin ay nagpapakilala ng ispirituwal na muling pagkasilang;

  – si Maria, ang ina ni Hesus, ay isang birheng nagluwal sa Kanya;

  – si Hesus ay naging tao upang mailigtas ang sangkatauhan mula sa kasalanan;

  – lahat ay maaaring buhay nang walang hanggan. Kapag ang tao ay namamatay, ang kanyang kaluluwa ay pumupunta sa langit o sa impiyerno;

  – ang pagsisisi sa kasalanan, pananampalataya sa Diyos, pagtanggap kay Hesus bilang Diyos at tagapagligtas, at paggawa ng mabuti sa kapwa ay ang mga paraan upang sila ay tuluyang mailigtas; at

- sa Pangalawang Pagbabalik ni Kristo, lahat ng mga nailigtas na nangamatay na Kristiyano noon at ang mga nabubuhay pang Kristiyano ay makikiisa kay Kristo at tuluyang mamumuhay nang walang hanggan.

♦ Ang **Islam** ay relihiyon na pinaniniwalaan ng mga Muslim. Ang ibig sabihin ng salitang *Islam* ay ang pagsuko ng sarili sa kagustuhan ng Diyos. **Muslim** naman ang tawag sa taong isinuko ang kanyang sarili sa kagustuhan ng Diyos.

♦ Sa Islam, si **Allah** ang kinikilalang diyos.

♦ Si **Muhammad** ang pangunahing propeta ng Islam at ang huling tagapaghatid ng mensahe ni Allah.

♦ Ang mga batas ni Allah ay nakatala sa **Koran**, ang banal na libro ng mga Muslim. Kasama sa mga batas na ito ang **Limang Haligi ng Islam** *(Five Pillars of Islam)*. Ito ay ang pagsasalaysay ng **shahadah**, pagganap ng **salat** limang beses sa isang araw, pagbibigay ng **zakat**, at pag-iwas sa pagkain at pag-inom tuwing Ramadan, at pakikiisa sa **hajj** kahit isang beses lamang.

♦ Ang **mosque** ay isang lugar kung saan ang mga Muslim ay nagtitipun-tipon at nagdarasal nang sabay. Ang tawag naman sa relihiyosong tagapangasiwang Muslim ay **Imam**.

♦ Dalawa ang okasyong ipinagdiriwang ng mga Muslim. Ito ay ang araw pagkatapos ng Ramadan at ang pagsapit ng Hajj.

♦ Ang mga hidwaan sa relihiyon ay nangyayari kung hindi pinapayagan ng mga tao ang iba na makapagpahayag at isagawa ang kanilang mga paniniwala.

♦ Kinakailangan mong respetuhin ang paniniwala at relihiyon ng ibang tao kahit na hindi ka naniniwala dito.

♦ Ang mga miyembro ng iba't ibang relihiyon ay nararapat na makisali sa mga makabuluhang usapan upang magbigay-daan sa pagkakakilanlan ng kanya-kanyang paniniwala at gawain.

♦ Ang isang makabuluhang usapan ay magbibigay-daan sa pagkakaunawaan at kapayapaan.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

A. Isulat ang letrang **K** sa patlang kung ang paniniwala o gawain ay pang-Kristiyano, at isulat naman ang letrang **I** kung ang paniniwala o gawain ay pang-Islam.

_____ 1. Si Hesus ay ang nag-iisang anak ng Diyos. Siya ay naging tao upang mailigtas niya ang sangkatauhan mula sa kasalanan.

_____ 2. Si Allah ay ang nag-iisang tunay na Diyos. Wala siyang kasama, asawa, at anak.

_____ 3. Noong hindi sinunod ni Adan at Eba ang Diyos, ang kanilang kasalanan ay naipasa sa sangkatauhan.

_____ 4. pagdarasal ng limang beses sa isang araw

_____ 5. pagbigay ng pangkawanggawang buwis o *charity tax*

_____ 6. Sa pamamagitan ng binyag, ang orihinal na kasalanan ay nahuhugasan.

_____ 7. Ang Diyos ay kinakatawan ng tatlong persona: Ang Diyos na Ama, Diyos na Anak at Diyos na Espiritu Santo.

_____ 8. Ang mga batas ng Diyos ay nakatala sa Koran.

_____ 9. pagdalo nang kahit isang beses lamang sa Ka'aba

_____10. Ang Banal na Bibliya o Holy Bible ay naghahayag ng mga Salita ng Diyos.

B. Sagutan ang sumusunod. Paano makakamtan ang kapayapaan at pagkakaunawaan sa pagitan ng mga taong kabilang sa iba't ibang grupo ng relihiyon?

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 34.

# Batayan sa Pagwawasto

## A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pahina 2)*

1. binyag
2. Islam
3. Hesukristo
4. Imam
5. respetuhin
6. Holy Trinity
7. Allah
8. kapayapaan
9. hidwaan sa relihiyon
10. Muhammad

## B. Aralin 1

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 10–11)*


1. Kristo
2. binibinyagan
3. Bibliya
4. Maria
5. orihinal
6. Pangalawang
7. tao
8. Trinity
9. langit
10. Kristiyanismo

## C. Aralin 2

*Magbalik-aral Tayo (pahina 16)*

1. Mindanao
2. Muslim
3. Allah
4. Muhammad
5. Koran

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 20–21)*




## D. Aralin 3

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 24)*

1. Wala.
2. Sa tingin ko, kinakailangan kong respetuhin ang mga paniniwala at mga gawain ng grupo ng ibang relihiyon katulad na rin ng pamamaraan kung paano nila ako irerespeto.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 26–27)*

Ang mga sumusunod na kasagutan ay pawang mga halimbawa lamang.

1. Unang-una, itatanong ko sa kanila kung ang kanilang mga pinaniniwalaang relihiyon ay nagtuturo sa mga taong makipag-away. Sigurado akong walang relihiyon ang nagtuturo nito. Pagkatapos ay patatahimikin ko sila. Sasabihin ko na kinakailangang respetuhin nila ang kanilang magkakaibang paniniwala at gawain. Karapatan ng bawat tao ang maging malaya sa pagpapahayag at pagtatamasa mula sa kanilang mga sinasampalatayang relihiyon.

2. Sa tingin ko, may respeto sina Rahman at Danilo sa mga paniniwala at gawain ng kani-kanilang relihiyon. Siguro, mas iniisip nila ang kanilang mga magkakahalintulad na interes kaysa sa kung ano ang kanilang mga pagkakaiba.

## E. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pahina 31)*

A.
1. K
2. I
3. K
4. I
5. I
6. K
7. K
8. I
9. I
10. K

B. Ito ay isang halimbawang sagot lamang. Maaari kang magkaroon ng sagot na naiiba rito.

Ang kapayapaan at pagkakaunawaan ay makakamtan kung ang bawat tao ay rumirespeto sa mga paniniwala at gawain ng iba. Ang mga miyembro ng iba't ibang grupo ng relihiyon ay nararapat na makisali sa mga usapan upang maibahagi nila ang kanilang mga paniniwala. Sa isang usapan, hindi nararapat na maging mapagmataas ang sino mang sumasali rito.

# Mga Sanggunian


Mahmood, Bint. *Allah is One God.* <http://216.22.181.137/islam4kids/>. 28 May 2001, date accessed.

Ontario Consultants on Religious Tolerance 2000. *Religious Hatred, intolerance and Other "Not So Spiritual" Topics.* <http://www.religioustolerance.org/negative.html>. 24 May 2001, date accessed.